**INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)**
https://risejournals.org/index.php/imjrise
**Volume 1, Issue no. 6 (2024)**
*ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)*



# Kahusayan sa Komunikasyon ng mga Mag-aaral sa Filipino

**DOI:** https://doi.org/10.5281/zenodo.11406680

**Roberos D. Andales**
VMA Global College and Training Centers Inc., Philippines
https://orcid.org/0009-0000-8231-447

**Dr. Ma. Leni C. Francisco**
STI West Negros University,Bacolod City Philippines
https://orcid.org/0009-0007-2401-1897

**Abstrak**

Ang pananaliksik na ito ay naglayong alamin ang kahusayan sa komunikasyon sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikatlong taon ng Bachelor of Science in Marine Transportation (BSMT) sa isang pribadong maritime school sa lungsod ng Bacolod. Gamit ang deskriptibong disenyo, siniyasat ng pag-aaral ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa apat na aspekto ng komunikasyon: pag-unawa sa wika, proseso ng komunikasyon, tungkuling pangwika, at wastong paggamit ng salita. Ang mga respondente ay binubuo ng dalawang daan at labing-tatlong (213) mag-aaral mula sa ikatlong taon ng BSMT na pinili gamit ang stratified random sampling. Isang talatanungang binubuo ng apatnapung (40) aytem ang ginamit upang makalap ang datos tungkol sa propayl ng mga respondente at sa kanilang antas ng kahusayan. Ginamit ang frequency count, mean, at t-test sa pagsusuri ng mga nakalap na datos. Ipinapakita ng mga natuklasan na ang mga respondente ay may edad na dalawampu't dalawa (22) pababa o limampu't apat na porsyento (54%), may kita ng pamilya na dalawampu't isang libo at apat na raan (21,400) pesos pababa o pitumpu't pito punto limampung bahagdan (77.50%), at nagmula sa pribadong paaralan ng hayskul ay limampu’t anim punto walong porsyento (56.8%). Sa pangkalahatan, mababa ang antas ng kanilang kahusayan sa komunikasyon sa Filipino na may mean na tatlo (3), partikular sa aspekto ng pag-unawa sa wika, proseso, at tungkuling pangwika. Tanging sa wastong paggamit ng wika lamang sila nakakuha ng mataas na marka, na nangangahulugang mataas na antas ng kasanayan. Mayroon ding makabuluhang pagkakaiba sa kanilang kahusayan batay sa edad, kita ng pamilya at pinagmulang paaralan. Iminumungkahi ng pag-aaral na repasuhin ang kurikulum at istratehiya sa pagtuturo ng Filipino upang lalong mahasa ang kahusayan ng mga mag-aaral. Mahalagang bigyan sila ng maraming oportunidad sa pagsasanay, lalo na ang mga mag-aaral na nahuhuli sa talakayan. Ipinakikita rin nito ang pangangailangan ng pakikipagtulungan sa pamilya at komunidad upang mapalawak at mapalaganap ang paggamit at pagpapahalaga sa wikang Filipino.

*Mga keyword:* Kahusayan, komunikasyon, mag-aaral, Filipino.

## Introduksyon

### Kaligiran ng Pag-aaral

Talaga nga namang naglalakbay ang panahon ng mabilis. Sa pag-unlad ng teknolohiya at komunikasyon, hindi maiiwasang ang wika at lipunan ay magbago. Ang Filipino at ang lipunang Pilipino ay kasama sa pagsulong na ito. Ang ating wika, tulad ng isang buhay na entidad, ay patuloy na umangkop sa mga pagbabagong ito. May mga dayuhang wika na nagbigay ng impluwensya sa ating kultura, habang mayroon ding mga ambag mula sa ating sariling wika. Bukod dito, ang Filipino ay nag-aayos din sa mga pagbabago sa lipunan, kinakailangan nitong magbago upang masalamin ang mga bagong kaisipan at disiplina. (Barnales, R. et. al, 2016) Ang asignaturang Komunikasyon sa Akademikong Filipino ay isang mahalagang bahagi ng kurikulum sa senior high school, kung saan ang mga mag-aaral ay inaasahang mapalawak ang kanilang kasanayan sa komunikasyon, pag-aaral ng wika, at pag-unawa sa mga tekstong akademikong Filipino (Daza, 2021). Ang asignaturang ito ay isang metalinggwistik na pag-aaral ng wikang Filipino. Nakatuon ito sa estruktura, gamit, katangian, at kahalagahan ng wikang Filipino sa akademikong larangan sa lapit multidisiplinaryo at paraang interaktibo. Inaasahang matukoy at matalakay ang mga pangunahing kaalaman sa wikang ito. Malilinang dito ang mga kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino tungo sa lalong mataas na komunikasyon ast sa kritikal na pagdidiskurso (Saniel, A. F. 2022).Dagdag pa nito, mas pinipili nilang ang AI o artificial intellegince sa paggawa ng kanilang mga pangangailangan sa klase, daan upang hindi na nila kailangang paghirapan ng labis ang kanilang mga gawain at babalikan ang kanilang mga pinag-aralan sa Komunikasyon sa Filipino. Ito ang nagudyok sa mananaliksik bilang guro na tukuyin ang kahusayan ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Maritime sa komunikasyon sa Filipino. Bukod pa rito, hinahangad din ng mananaliksik na makabuo ng pampagtuturo upang matulungan at linangin ang kanilang kahinaan sa mga erya na pag-unawa sa wika, proseso ng komunikasyon, tungkuling Pangwika at paggamit ng wastong salita na mapagbatayan ang kahusayan ng mga studyante sa komunukasyon sa akademikong Filipino.

**Kaugnay na Literatura**

Ayon kina Kuperberg at Jaeger (2016), ang "pag-unawa sa wika" ay tumutukoy sa kakayahang ng isang indibidwal na maunawaan at maproseso ang mga linggwistikong input, tulad ng mga salita, parirala, at pangungusap, sa pamamagitan ng kanyang kognitibo at linggwistikong kakayahan. Ito ay hindi lamang pagtanggap ng mga impormasyon sa wika, kundi pati na rin ang kakayahan na magbigay ng kahulugan, bumuo ng mga pangungusap, at umunawa ng kahulugan ng mensahe sa konteksto.Sa kanilang pananaliksik, binigyang diin nina Kuperberg at Jaeger ang mga proseso ng pag-unawa sa wika sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga mekanismo ng pagproseso ng utak at kung paano ito nakatutulong sa pag-unawa sa pagbasa at pakikinig. Binigyan nila ng pansin ang mga kognitibong aspekto ng pag-unawa sa wika, tulad ng lexical retrieval, syntax parsing, at semantic integration, na nagpapakita kung paano naa-access at naipoproseso ang impormasyon mula sa wika.

Si Dudley D. C. Barnlund (2017), isang kilalang sikologo at mananaliksik sa larangan ng komunikasyon, ay nagbigay ng kanyang pananaw sa proseso ng komunikasyon. Ayon sa kanya, ang proseso ng komunikasyon ay isang sistemang dinamiko at interaktibo ng pagpapalitan ng impormasyon sa pagitan ng mga indibidwal o grupo ng mga tao. Sa kanyang pananaw, ang proseso ng komunikasyon ay naglalaman ng mga yugto tulad ng encoding (paglikha ng mensahe), transmission (pagpapadala ng mensahe), decoding (pag-unawa sa mensahe), at feedback (tugon o reaksyon sa mensahe). Ang bawat yugto ay may mahalagang papel sa pagpapalitan ng impormasyon at pagpapalalim ng ugnayan sa pagitan ng mga kalahok sa komunikasyon. Bilang karagdagan, si Barnlund ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng kultural na konteksto sa proseso ng komunikasyon. Ayon sa kanya, ang mga kultural na kaugalian, paniniwala, at halaga ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa paraan ng pag-encode, pag-decode, at pagtanggap ng mensahe. Sa ganitong paraan, ang proseso ng komunikasyon ay hindi lamang isang teknikal na transaksyon ng impormasyon, kundi isang makabuluhang pagtuklas at pag-unawa sa kultura at panlipunang konteksto ng mga kalahok.

Ayon kay Halliday (2019), ang "tungkuling pangwika" ay tumutukoy sa mga gawain at responsibilidad na kaugnay sa paggamit at pagpapaunlad ng wika sa isang partikular na lipunan o kultura. Ito ay naglalaman ng mga gawain tulad ng pagtuturo ng wika, pagbuo ng mga materyales sa wika tulad ng libro at babasahin, pagpapalaganap ng wika sa mga pampublikong pagtitipon, at iba pang mga hakbang na naglalayong mapanatili at palakasin ang paggamit at pag-unawa ng wika sa lipunan. Sa pananaw ni Halliday, ang tungkuling pangwika ay may malaking impluwensiya sa pagpapalaganap ng kultura at panlipunang pagkakakilanlan. Ito ay naglalarawan ng pagpapahalaga ng isang lipunan sa kanilang wika bilang isang sukatan ng kanilang pagkakakilanlan at pagkakaisa. Ang mga gawain at responsibilidad sa tungkuling pangwika ay naglalayong mapalakas ang paggamit at pag-unawa sa wika, pati na rin ang pagpapalaganap ng kultura at mga halaga na kaakibat nito.

Ayon kina Jean et al. (2014) ang "paggamit ng wastong mga salita" ay tumutukoy sa proseso ng pagpili at paggamit ng mga salita sa isang komunikasyon na naaayon sa tamang konteksto, layunin, at pangangailangan ng sitwasyon. Ito ay may layunin na magdulot ng malinaw, epektibo, at masining na pagpapahayag ng kaisipan, impormasyon, at mensahe. Sa kanilang pananaw, ang wastong paggamit ng mga salita ay naglalaman ng mga sumusunod na elemento: (a) Kasalukuyang Konteksto: Ang wastong paggamit ng mga salita ay kinakailangan na sumasalamin sa kasalukuyang konteksto ng komunikasyon, kabilang ang layunin ng mensahe, ugnayan sa kausap, at kultura ng mga kalahok; (b) Malinaw na Pagpapahayag: Ang pagpili ng tamang mga salita ay nagreresulta sa malinaw at tiyak na pagpapahayag ng kaisipan o mensahe. Ito ay nagbibigay-linaw sa iba't ibang aspekto ng komunikasyon, tulad ng ideya, damdamin, o instruksyon; (c) Epektibong Komunikasyon: Ang wastong paggamit ng mga salita ay nakatutulong sa pagpapalitan ng impormasyon at pagpapalalim ng ugnayan sa pagitan ng mga kalahok sa komunikasyon. Ito ay nagbibigay-daan sa masining at maayos na pakikipagtalastasan.; at (d) Pagpapahalaga sa Rehiyunal na Wika: Sa konteksto ng rehiyon o kultura, mahalaga ang paggamit ng mga lokal na wika at ekspresyon upang mapalalim ang pag-unawa at ugnayan sa mga kalahok sa komunikasyon.

Sa akademikong disiplina ng komunikasyon, si Saneil Neeraj, isang mananaliksik at propesor, ay nagbigay ng kanyang sariling pananaw sa proseso ng komunikasyon. Ayon sa kanya, ang proseso ng komunikasyon ay isang sistematikong pagpapalitan ng impormasyon sa pagitan ng tagapagsalita at tagatanggap, kung saan ang mensahe ay nililikha, ipinadadala, tinatanggap, at inaasimila. Sa pagpapakahulugan ni Saneil (2022), ang proseso ng komunikasyon ay maaaring hatiin sa mga yugto tulad ng encoding (paglikha ng mensahe), transmission (pagpapadala ng mensahe), reception (pagtanggap ng mensahe), decoding (pag-unawa sa mensahe), at feedback (tugon o reaksyon sa mensahe). Ang bawat yugto ay may mahalagang papel sa pagpapalitan ng impormasyon at pagpapalalim ng ugnayan sa pagitan ng mga kalahok sa komunikasyon.

**Paglalahad ng Suliranin**

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
Volume 1, Issue no. 6 (2024)
ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)



Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang kahusayan sa Komunikasyon sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikatlong taon na nag-aaral sa isa sa mga pribadong paaralan ng Maritime sa lungsod ng Bacolod taong panuruan 2023-2024.

Sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, nais ng mananaliksik na masaikatuparan ang mga sumusunod na katanungan. Ano ang propayl ng mga mag-aaral ayon sa mga sumusunod na baryabol, edad, kabuuang kita ng Pamilya at paaralang pinagmulan ng sekondarya.

Ang pag-aaral na ito na malaman ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon sa Filipino ayon sa mga sumusunod na mga ereya.pag-unawa sa wika, proseso ng komunikasyon, tungkuling Pangwika at paggamit ng wastong salita. Ano ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon sa Filipino kung papangkatin ayon sa sumusunod na nabanggit na mga baryabol?Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa komunikasyon sa Filipino kung papangkatin at ihambing ayon sa mga nabanggit na mga baryabol?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isang deskriptibong pananaliksik na tumutukoy sa antas ng Kahusayan sa Komunikasyon ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang deskriptibong pananaliksik ay isang pananaliksik na ginagamit upang ilarawan ang isang sitwasyon, paksa, pag-uugali, o kababalaghan. Ginagamit din ito upang sagutin ang tanong kung sino, ano, kailan at paano nauugnay sa isang partikular na tanong o suliranin sa pananaliksik (Siedlecki, 2020).

Ginagamit ang deskriptibong disenyo sa pananaliksik na ito dahil inilalarawan nito ang mga baryabol tulad ng edad, kabuuang kita ng pamilya at paaralang pinangalingan ng sekondarya. Kabilang din ang mga sumusunod na erya, pag-unawa sa wika, proseso ng komunikasyon, tungkuling pangwika, paggamit ng wastong salita at ang makabuluhang pagkakaiba nito sa mga nabanggit na baryabol.

### Mga Taong Kasangkot sa Pag-aaral at "Inclusion Criteria"

Ang tagatugon ng pag-aaral na ito ay ang 213 mula sa populasyon na 474 Ikatlong taon ng BSMT na naka-enrol sa asignaturang Komunikasyon sa Akademikong Filipino ng isang pribadong paaralan ng maritime sa lungsod ngayong taong-panuruan 2023-2024.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isang deskriptibong pananaliksik na tumutukoy sa antas ng kahusayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang deskriptibong pananaliksik ay isang pananaliksik na ginagamit upang ilarawan ang isang sitwasyon, paksa, pag-uugali, o kababalaghan. Ginagamit din ito upang sagutin ang tanong kung sino, ano, kailan at paano nauugnay sa isang partikular na tanong o suliranin sa pananaliksik (Siedlecki, 2020).
Ginamit ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik sa pag-aaral na ito dahil inilalarawan nito ang mga baryabol tulad ng edad, kabuuang kita ng pamilya at pinanggalingang paaralang sekondarya. Kabilang din ang mga erya ng pag-unawa sa wika, proseso ng komunikasyon, tungkuling pangwika, at paggamit ng wastong salita, at ang makabuluhang pagkakaiba nito sa mga nabanggit na baryabol.

### Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral

Upang matukoy ang antas ng kasanayan sa Komunikasyon sa Akademikong Filipino ng mga mag-aaral ay gumawa ang mananaliksik ng isang sariling talatanungan. Ang instrumento na ito ay binubuo ng Bahagi 1 at 2. Ang Bahagi 1 ay naglalabas ng impormasyon sa demograpikong propayl ng mag-aaral tulad ng, paaralang pinagmulan ng sekundarya, edad at kabuuang kita ng pamilya. Ang Bahagi 2 ay naglalaman ng 40 mga katanungan sa mga item na binubuo ng 10 mga katanungan sa bawat ereya - Pag-unawa sa Wika, Proseso ng Komunikasyon, Tungkuling Pangwika at Paggamit ng Wastong Salita. Ang mga aytem sa Bahagi 2 ay inilalagay sa limang-puntong sukat ng marka ng pinakamagaling, magaling, katamtaman, mababa at pinakamababa. Dahil ang survey questionnaire ay ginawa ng mananaliksik, sumasailalim ito sa validity at reliability testing. Upang matiyak ang bisa ng instrumento, ang unang burador ng instrumento ay isinailalim sa pagpapatunay ng mukha o face validation sa pamamagitan ng Good and Scates (1972) na may tatlong hurado.

### Pamamaraan sa Pangongolekta ng Datos

Pagkatapos na makuha ang kahusayan at katumpakan ng nasabing instrumento, ang mananaliksik ay nagsagawa ng liham para sa pagkuha ng pahintulot upang ma isagawa ang nasabing pag-aaral. Ang liham ay dadaan sa Dean of Maritime studies at Program Head. Kaagad pagkatapos na ang kahilingan ay ipagkakaloob, ang pagpaparami ng talatanungan ay gagawin. Personal na isinagawa ng mananaliksik ang sarbey sa petsa at oras na inaprubahan ng

pinuno ng paaralan. Ang mga tanong para sa kalinawan at interpretasyon ay agad na sasagutin ng mananaliksik. Ang pagkuha ng mga talatanungan ay ginawa kaagad hanggang makumpleto ang mga kinakailangang datos. Ang mga nalikom na datos ay sinuri gamit ang mga sumusunod na pamamaraan: Sa pagsusuri at interpretasyon ng mga nalikom na datos sa larangan ng Komunikasyon sa Filipino, unang hakbang ang paggamit ng frequency count upang matukoy ang profile ng mga kalahok batay sa kanilang kasarian, edad, at pinanggalingang paaralan. Ito ay isang paraan upang maipakita kung ilang beses lumabas ang bawat kategorya sa mga datos, na nagbibigay ng pangkalahatang larawan ng mga respondente.

**Konsiderasyong Etikal**

Bago magsagawa ng anumang pagsusuri o pag-aaral, mahalaga ang pagkuha ng pahintulot mula sa pamunuan ng paaralan at mula sa mga partisipante. Ipinaliliwanag sa kanila ang layunin ng pag-aaral at ipinapaalam ang kanilang karapatan na tumanggi o umurong sa anumang punto. Ito ay upang tiyakin na ang bawat partisipante ay kumikilos nang may kaalaman at kagustuhan. Upang pangalagaan ang privacy at anonymity ng mga partisipante, tinanggal ang lahat ng personal na impormasyon at gumamit lamang ng code names sa halip na mga tunay na pangalan. Lahat ng datos ay panatiliing kompidensyal upang mapanatili ang tiwala ng mga partisipante sa proseso ng pag-aaral. Mahalaga ring tandaan na ang partisipasyon sa pag-aaral ay kusang-loob lamang. Walang pangungunyapit o pamimilit na magaganap para sa mga partisipante, at nananatiling boluntaryo ang kanilang paglahok. Ito ay upang mapanatili ang integridad ng datos at siguruhing ang mga resulta ay mula sa mga taong tunay na interesado at kusang sumali. Sa pagsasagawa ng pag-aaral, walang maling impormasyon o panlilinlang ang gagawin. Lahat ng datos at pagsusuri ay isinasagawa nang may ganap na katapatan at kawastuhan, sumusunod sa mga etikal na pamantayan ng pananaliksik. Para sa anumang paglalathala o pag-uulat ng mga resulta ng pag-aaral, tiyakin na ito ay ihaharap lamang para sa layuning pang-edukasyon. Ang anumang paglalathala ay dapat gawin sa akademikong konteksto at walang kinalaman sa anumang kita o pakinabang, upang mapanatili ang integridad at layunin ng pananaliksik. Ang mga pamantayang ito ng etika sa pananaliksik ay naglalayon na siguruhing laging pangunahin at pinoprotektahan ang kaligtasan, karapatan, at kapakanan ng mga partisipante.

**Katumpakan ng Instrumentong Ginamit**

Ang talatanungan ay sariling gawa ng mananaliksik, kung kaya ito ay sumailalim sa balidasyon mula sa tatlong eksperto na dalubhasa sa Filipino. Ang mga mungkahi at rekomendasyon ng mga eksperto ay inilakip sa pinal na kopya ng talatanungan bago ito ginamit sa paglikom ng datos. Ang unang balideytor ay nakatapos ng kanyang Masters dalubhasa sa Filipino at kasalukuyang nagtuturo sa isang Maritime na paaralan sa Bacolod. Ang ikalawang balideytor ay nakapagtapos din ng kanyang pagkadalubhasa sa Filipino at kasalukuyang Head Teacher 1 sa pampublikong pamantasan. Ang ikatlong balideytor ay nakapagtapos din ng kanyang pagkadalubhasa sa Filipino at kasalukuyang isang guro sa sa isang unibersidad sa lungsod ng Bacolod. Ang pamantayang ginamit sa pagbalideyt ng instrumento ay ang pamantayan na binuo ni Good at Scates na may iskor na isa (1) hanggang lima (5) kung saan 5 ang pinakamataas at 1 naman ang pinakamababa. Ang mga interpretasyong ginamit ay ayon sa sumsunod na iskor range na may katumbas na interpretasyon 4.21-5.00 ay pinakamagaling; 3.41-4.2 ay magaling; 2.61-3.40 ay katmataman; 1.81-2.60 ay mababa; 1.00-1.80 ay pinakamababa. Ayon sa resulta ng katumpakan, ito ay nagkamit ng validity index na 4.81, na may interpretasyon na napakagaling na nagpapahiwatig na ang instrumento ay may angkop na antas ng katumpakan.

## PAGSUSURI NG MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON

Ang mga datos na nakalap ay higit na ginagamot, ipinakita, sinuri, at binigyang-kahulugan upang tumuon sa partikular na suliranin ng pag-aaral. Inilalahad nito ang mga natuklasan ng pag-aaral sa pamamagitan ng mga kasangkapang pang-estadistika at paggamot ng deskriptibo at inferential na data.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
**Volume 1, Issue no. 6 (2024)**
*ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)*



**Layunin 1**
**Propayl ng mga Mag-aaral Ayon sa mga Sumusunod na Baryabol, Edad, Kabuuang kita ng Pamilya, at Paaralang pinagmulan ng sekondarya**

Talahanayan 2: *Propayl ng Mag-aaral*

| Variables | Categories | Frequency | Percentage |
|---|---|---|---|
| **Edad** | Mababa sa 22 | 115 | 54.00 |
| | 22 Pataas | 98 | 46.00 |
| | **Total** | **213** | **100** |
| **Kabuuang Kita ng Pamilya** | Mababa sa P21,400 | 165 | 77.50 |
| | P21,400 Pataas | 48 | 22.50 |
| | **Total** | **213** | **100** |
| **Paaralang Pinagmulan ng Sekondarya** | Publiko | 92 | 43.2 |
| | Pribado | 121 | 56.8 |
| | **Total** | **213** | **100** |

Ang talahanayan 2 sa itaas ay nagpapakita ng profile ng mga respondente sa mga tuntunin ng edad, kita ng pamilya at paaralang pinanggalingan. Ang mga respondente ay binubuo ng kabuuang 213 mag-aaral mula sa 3rd year Bachelor of Science in Marine Transportation. Ipinapakita ng resulta na sa mga tuntunin ng edad ng mga respondente ay mayroong 115 (54%) na may edad na 22 taong gulang pababa at 98 (46%) na may edad 22 taong gulang pataas. Sa kabilang banda, sa usapin ng kita ng pamilya ng mga respondente ay mayroong 165 (77.50%) 21,400 pababa at 48 (22.50%) 21,400 sa itaas. Sa huli, sa mga tuntunin ng pinagmulang paaralan mayroong 92 (43.2%) ay mula sa publikong paaralan at 121 (56.8%) ay mula sa pribadong paaralan. Pinili ang mga respondente sa pamamagitan ng stratified random sampling, at bawat isa sa mga respondente ay binigyan ng survey questionnaire sa pamamagitan ng face to face na pangangalap ng datos. Batay sa talahanayan 1, makikita na karamihan sa mga kalahok ay may edad na 21 taong gulang pababa, na bumubuo sa 54% ng kabuuang bilang ng mga respondente. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa ikatlong taon ng BSMT sa partikular na paaralan ay karaniwang nasa hustong gulang na edad pa lamang, kung saan nag-aaral sila upang makuha ang kanilang bachelor's degree.

Tungkol naman sa kita ng pamilya, halos pantay ang bilang ng mga respondente na nagsabing ang kanilang pamilya ay kumikita ng 21,400 pesos pababa (77.50%) at 21,400 pesos pataas (22.50%). Ito ay nagpapakita na may magkakaibang antas ng pamumuhay at kakayahang pinansyal ang mga pamilya ng mga mag-aaral sa nasabing paaralan.

Pagdating sa pinagmulang paaralan noong sekondarya, mas maraming respondente ang nagmula sa pribadong paaralan (56.8%) kumpara sa mga nagmula sa publikong paaralan (43.2%). Ang datos na ito ay maaaring magpahiwatig na ang maritime school na pinag-aaralan ng mga respondente ay bukas para sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang uri ng mga paaralan noong hayskul, at hindi lamang sa mga pribadong institusyon.

Ang paggamit ng stratified random sampling sa pag-pili ng mga respondente at pagbibigay ng survey questionnaire sa pamamagitan ng harapang pakikipag-usap ay nakatulong upang matiyak na ang mga nakalap na datos ay kumakatawan sa populasyon ng mga ikatlong taon na BSMT students sa partikular na paaralan. Nakatulong din ito upang hindi magkaroon ng bias sa pagpili ng mga sasali sa pag-aaral.

Ang pag-aaral ay naglalayong alamin ang propayl ng mga kalahok batay sa kanilang edad, kita ng pamilya, at pinagmulang paaralan noong hayskul. Batay sa nakalap na datos, karamihan sa mga mag-aaral ay nasa edad na 22 pababa (54%), nagmula sa pamilyang may kita na ₱21,400 pababa (77.50%), at nagtapos mula sa pampublikong hayskul (56.8%).

Ang mga natuklasang ito ay may kaugnayan sa pag-aaral ni Javier (2023) tungkol sa epekto ng social media sa komunikasyon ng mga Pilipinong millennials. Bagamat hindi mismo tumutukoy sa kasanayan sa Filipino, iginiit ni Javier na ang edad at demograpikong katangian ay may malaking papel sa kung paano nakikipag-ugnayan ang mga kabataan gamit ang teknolohiya. Maaaring maiugnay ito sa kung paano ang edad at ekonomikong estado ng mga mag-aaral ay nakaaapekto sa kanilang kasanayan at pag-aaral sa Filipino.

**Layunin 2**

**Deskriptibong Analisis sa Antas ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Komunikasyon sa Filipino Ayon sa mga sumusunod na mga Ereya, Pag-unawa sa wika, Proseso ng komunikasyon, Tungkuling Pangwika, at Paggamit ng wastong salita**

Talahanayan 3: *Antas ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Komunikasyon sa Filipino sa Ereya Pag-unawa sa wika, Proseso ng komunikasyon, Tungkuling Pangwika, at Paggamit ng wastong salita*

| Area | Mean | Interpretation |
|---|---|---|
| A. Pag-unawa sa Wika | 3.32 | Mababang Antas |
| B. Proseso ng Komunikasyon | 3.39 | Mababang Antas |
| C. Tungkuling Pangwika | 3.06 | Mababang Antas |
| D. Paggamit ng wastong Salita | 5.05 | Mataas na Antas |
| Kabuuang | 3.71 | Mababang Antas |

Ipinapakita sa talahanayan 3 ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon sa Filipino, ang kabuuang mean score ay 3.71 na binibigyang kahulugan na mababang antas ng kahusayan. Ang ereya sa paggamit ng wastong salita ang may pinakamataas na resulta na may mean score na 5.05 na nangangahulugang mataas na antas ng kahusayan, samantala nagkamit naman ang tungkuling pangwika na may mean score na 3.06 na nangangahulugang mababang antas ng kahusayan.

Ipinakita sa resulta na ang tungkuling pangwika ay siyang pinaka mababa sa apat na erya sa komunikayon sa Filipino ng mga mag-aaral, ipinahihiwatig dito na ang mga mag-aaral ay may kakulangan sa kaalaman at kakayahan sa pagtukoy ng mga tungkuling ng wika kung ito ay gagamitin na sa ibat ibang situwasyong pag-araw-araw na buhay tulad ng pangregulatori, heuristiko, instrumental, personal, interaksyonal at imahinatibo.

Ito ay sumasang-ayon din sa pag-aaral ni Dominguez ( 2022 ) na ang mababang puntos sa tungkuling pangwika ay tumutugon sa pag-aaral tungkol sa paggamit ng Filipino, maraming hadlang sa paggamit nito bilang midyum ng pagtuturo at pananaliksik dahil na rin sa dominasyon ng Ingles, nahihirapan ding kilalanin ang iba't ibang gamit at tungkulin pang-wika ng Filipino sa akademikong konteksto. Ang mababang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral mula sa nabanggit na paaralan ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas malalim na pagsusuri sa kung paano itinuturo at natutuhan ang wikang Filipino. Ang pag-unawa sa kanilang kasanayan at kahinaan ay isang mahalagang hakbang sa pagbuo ng mga makabuluhang solusyon na magpapataas ng kanilang antas ng komunikasyon gamit ang ating pambansang wika.

**Layunin 3**

**Deskriptibong Analisis sa Antas ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Komunikasyon sa Filipino Ayon sa mga sumusunod na mga Ereya, Pag-unawa sa wika, Proseso ng komunikasyon, Tungkuling Pangwika, at Paggamit ng wastong salita kung pangkatin ayon sa mga baryabol, Edad, Kabuuang kita ng Pamilya, at Paaralang pinagmulan ng sekondarya**

Talahanayan 4: *Antas ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Komunikasyon sa Filipino sa mga Ereya, Pag-unawa sa wika, Proseso ng komunikasyon, Tungkuling Pangwika, at Paggamit ng wastong salita Ayon sa Edad*

| **Categories** | **Mas Bata** | | **Mas Matanda** | |
|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **Interpretation** | **Mean** | **Interpretation** |
| A. Pag-unawa sa Wika | 3.32 | Mababang Antas | 3.32 | Mababang Antas |
| B. Proseso ng Komunikasyon | 3.39 | Mababang Antas | 3.39 | Mababang Antas |
| C. Tungkuling Pangwika | 3.06 | Mababang Antas | 3.0<br>3.06 | Mababang Antas |
| D. Paggamit ng wastong Salita | 5.05 | Mataas na Antas | 5.05 | Mataas na Antas |
| Kabuuang | 3.71 | Mababang Antas | 3.71 | Mababang Antas |

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng komunikasyon sa Filipino batay sa kanilang edad. Sa kabuuan, ang mga mag-aaral sa parehong mga edad ay may parehong kabuuang mean score na 3.71, na tinutukoy din bilang mababang antas ng kahusayan. Sa kabilang banda, ang paggamit ng wastong salita ay nagpakita ng mataas na antas ng kahusayan para sa parehong mga grupo, na may parehong mean score na 5.05. Sa aspeto naman ng tungkuling pangwika, ang parehong mga grupo ay may parehong mean score na 3.06, na tumutukoy din sa mababang antas ng kahusayan.

Siniyasat ng pag-aaral kung may pagkakaiba ba sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa kanilang edad, kita ng pamilya, at pinagmulan noong hayskul. Ipinapakita ng mga resulta na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga puntos ng mga mag-aaral sa lahat ng aspeto ng Filipino kung sila ay susuriin batay sa kanilang edad. Gayunpaman, may istatistikal na pagkakaiba sa kahusayan sa proseso ng komunikasyon kung ihahambing ang mga nagmula sa pampubliko at pribadong hayskul. Samantala, walang pagkakaiba sa antas ng kahusayan batay sa kita ng pamilya.

Ang kawalan ng pagkakaiba sa kahusayan batay sa edad ay tumutugon sa mga natuklasan ni Peña (2023) tungkol sa pagbuo ng kagamitang panturo para sa Filipino sa kolehiyo. Ayon sa kanya, ang edad ay hindi dapat maging pangunahing batayan sa paggawa ng mga aralin at kagamitan. Sa halip, dapat ding isaalang-alang ang iba pang salik tulad ng kasarian, kursong kinukuha, at maging ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa wika. Ang mga ito ay makatutulong sa pagbuo ng mga materyales na akma sa pangangailangan ng mga mag-aaral anuman ang kanilang edad.

Sa kabilang banda, ang pagkakaiba sa proseso ng komunikasyon ng mga nagmula sa magkaibang uri ng hayskul ay sumasang-ayon sa pag-aaral nina Bernales at Dela Cruz (2016). Napag-alaman nila na ang mga mag-aaral mula sa mga pampublikong paaralan ay nagpapakita ng mas mababang antas ng kahusayan sa pakikinig at pagsasalita kumpara sa mga pribadong paaralan. Ayon sa kanila, ito ay maaaring bunga ng kakulangan sa pasilidad at oportunidad para sa pagpapraktis ng mga kasanayang pangkomunikasyon sa maraming pampublikong paaralan.

Ang kawalan naman ng pagkakaiba batay sa kita ay kakaiba kung ihahambing sa ipinahayag sa pag-aaral ni Rabuya (2015). Iginiit niya na ang sosyo-ekonomikong katayuan ng pamilya ay may kinalaman sa pagpapahalaga at kahusayan ng mga mag-aaral sa Filipino at sa kanilang pag-aaral nang pangkalahatan. Bagamat hindi ito nangyari sa kasalukuyang datos, maaaring kailanganing suriin ang ugnayan ng mga salik na ito sa hinaharap gamit ang ibang disenyo o konteksto.

Sa kabuuan, mahalaga ang pagsusuri sa kahusayan ng mga mag-aaral batay sa kanilang demograpiya upang makabuo ng angkop na programa para sa kanila. Gayunpaman, hindi lamang dapat ito ang maging batayan. Dapat ding tingnan ang iba pang salik na nakakaapekto sa kanilang pag-aaral ng wika, at ang datos ay dapat suriin batay sa konteksto ng bawat paaralan o pangkat ng mga mag-aaral.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
**Volume 1, Issue no. 6 (2024)**
*ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)*



Talahanayan 5: *Antas ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Komunikasyon sa Filipino sa mga Ereya, Pag-unawa sa wika, Proseso ng komunikasyon, Tungkuling Pangwika, at Paggamit ng wastong salita Ayon sa Kabuuang kita ng Pamilya*

| Kategorya | Mababa | | Mataas | |
|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **Interpretation** | **Mean** | **Interpretation** |
| A. Pag-unawa sa Wika | 3.32 | Mababang antas | 3.0 | Mababang antas |
| B. Proseso ng Komunikasyon | 4.0 | Mababang antas | 3.0 | Mababang antas |
| C. Tungkuling Pangwika | 3.06 | Mababang antas | 3.0 | Mababang antas |
| D. Paggamit ng wastong Salita | 5.05 | Mataas na Antas | 5.0 | Mataas na antas |
| Kabuuang | 15.0 | Mababang antas | 14.0 | Mababang antas |

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang paghahambing sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon sa Filipino batay sa kanilang kabuuang kita ng pamilya. Ang resulta ng kabuuan na ang mga nagmula sa pamilyang may mas mataas na kita ₱21,400 pataas ay may 14.0 na mababang antas ng kahusayan sa proseso ng komunikasyon, na may mean na 3. Samantala, ang mga galing naman sa pamilyang may mas mababang kita ₱21,400 pababa ay nakakuha ng 15.0 bahagyang mas mataas na mean na 4, na nangangahulugang na mababang antas ng kahusayan pa rin.

Ang resulta na ito ay nagpapahiwatig ng posibleng kaugnayan sa antas ng kahusayan sa komunikasyon at kabuuang kita ng pamilya. Maaaring may mga iba't ibang mga salik na naglalaro dito, tulad ng kalidad ng edukasyon na matatanggap ng mga mag-aaral, ang pagkakaroon ng mga oportunidad para sa pagpapaunlad ng kasanayan sa komunikasyon, at ang kakulangan o kakayahan sa mga mapanlikha o makabagong paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Maaaring ito rin ay maging hamon sa patakarang pang-edukasyon at pangkabuhayan upang masiguro na ang lahat ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang pinanggalingang pamilya, ay magkaroon ng pantay-pantay na pagkakataon na maabot ang kanilang pinakamataas na potensyal sa larangan ng komunikasyon at iba pang aspeto ng pag-aaral.

Ang mga natuklasang ito ay hindi sumasangayon sa ilang pag-aaral na nagsasabing may ugnayan ang sosyo-ekonomikong katayuan ng mga mag-aaral sa kanilang kahusayan sa wika at komunikasyon. Halimbawa, ayon kay Morales (2017), ang mga mag-aaral na nanggagaling sa nakaririwasang pamilya ay mas mahusay sa Filipino kumpara sa mga kapwa nila mula sa mahihirap na pamilya. Aniya, malaki ang papel na ginagampanan ng kita at kalagayang panlipunan sa pagkakaroon ng access sa mga libros, kagamitan, at ibang mapagkukunan na makatutulong sa pag-aaral ng wika.

Gayunpaman, hindi ganito ang nangyari sa kasalukuyang pag-aaral. Bagamat hindi direktang nangangahulugan na walang kinalaman ang estado ng buhay sa kahusayan sa Filipino, maaaring iba ang naging resulta kung mas malaki ang agwat sa kita ng dalawang pangkat, o mas binigyang pokus ang ibang aspeto bukod sa proseso ng komunikasyon. Ayon kay Santiago (2019), maraming salik ang nakaaapekto sa kahusayan sa wika ng mga mag-aaral, kabilang na ang kalidad ng pagtuturo, materyales sa pag-aaral, exposure sa wika, at pananampalataya sa kapasidad nila para matuto. Kung kaya, hindi lamang angkop kita ang maituturing na bentahe o limitasyon.

Sa pangkalahatan, ang antas ng kahusayan sa wika ng mga mag-aaral sa Filipino ay nangangailangan pa ng pagpapaunlad, anuman ang kanilang estado sa buhay. Ang pagkakaroon ng sapat na kakayahan sa komunikasyon ay hindi lamang nakakatulong sa kanilang pag-aaral, kundi maging sa kanilang pakikisalamuha sa komunidad. Sang-ayon kay De Vera (2016), ang mahusay na kaalaman at kasanayan sa Filipino ay isang mahalagang susi para makilahok nang husto ang mga kabataan sa pag-unald ng kanilang sarili, lipunan, at bansa.

Talahanayan 6: *Antas ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Komunikasyon sa Filipino sa mga Ereya, Pag-unawa sa wika, Proseso ng komunikasyon, Tungkuling Pangwika, at Paggamit ng wastong salita Ayon sa Paaralang pinagmulan ng sekondarya*

| Kategorya | Publiko | | Pribado | |
|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **Interpretation** | **Mean** | **Interpretation** |
| A. Pag-unawa sa Wika | 3.32 | Mababang Antas | 3.0 | Mababang Antas |
| B. Proseso ng Komunikasyon | 3.39 | Mababang antas | 4.0 | Mababang antas |
| C. Tungkuling Pangwika | 3.06 | Mababang antas | 3.0 | Mababang antas |

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
Volume 1, Issue no. 6 (2024)
ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| D. Paggamit ng wastong Salita | 5.05 | Mataas na antas | 5.0 | Mataas na antas |
| Kabuuang | 15.0 | Mababang antas | 15.0 | Mababang antas |

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng komunikasyon sa Filipino batay sa paaralang pinagmulan ng sekondarya. Ang kabuuang mean score na 15.0 para sa mga mag-aaral mula sa pampubliko at pribadong paaralan ay nagpapahiwatig ng kabuuang mababang antas sa komunikasyon sa Filipino. Parehong mataas ang mean score para sa paggamit ng wastong salita na may iskor na 5.0, na nagpapahiwatig ng mahusay na kasanayan sa aspektong ito ng komunikasyon sa Filipino. Ang tungkuling pangwika parin ang nakakuha ng babang mean iskor na 3.06 na ang ibigsabihin ay mababang antas, ngunit mas mataas nang kaunti sa pampubliko na may iskor na 3.32 na mababang antas parin ang kahulugan. Ito ay nagpapahiwatig na mayroong kabuuang kakulangan sa pag-unawa sa wika sa parehong sektor ng edukasyon, bagaman mas mababa ang antas nito sa mga pribadong paaralan na may 3.0.

Sa kabuuan, ang pagkakaiba sa mean score ay nagpapakita ng mga potensyal na pagkakaiba sa kahusayan sa iba't ibang aspeto ng komunikasyon sa Filipino sa pagitan ng mga mag-aaral mula sa pampubliko at pribadong paaralan. Ito ay maaaring magbigay ng impormasyon sa mga hakbang na dapat gawin upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa Filipino sa parehong sektor.

Maiuugnay ang datos na ito sa pag-aaral nina Bernales et al. (2016) tungkol sa epekto ng uri ng paaralan sa kakayahan sa wika ng mga mag-aaral. Napag-alaman nila na ang mga estudyante mula sa pribadong paaralan ay nagpapakita ng mas mahusay na kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at pagsasalita kaysa mga mag-aaral sa pampublikong paaralan. Ayon sa kanila, maaaring sanhi nito ang pagkakaiba sa kalidad ng edukasyon, kasama na ang pasilidad, kurikulum, at kagamitang pampagtuturo na mas mataas at moderno sa mga pribadong institusyon.

Gayunpaman, ang kaibahan sa kasalukuyang datos ay nagpapakita lamang ng bahagyang bentahe ng mga pribadong paaralan pagdating sa proseso ng komunikasyon. Ito ay tumutugon naman sa pag-aaral ni Pineda (2017) na nagsasabing hindi naman talaga malaki ang agwat sa kalidad ng edukasyon sa wika sa pagitan ng mga pampubliko at pribadong paaralan. Aniya, marami ring de-kalidad na pampublikong paaralan na nagbibigay ng mahusay na programang pangwika sa kanilang mga mag-aaral.

Mahalaga pa ring tandaan na hindi lamang naman uri ng paaralan ang nakakaapekto sa kahusayan sa Filipino ng mga mag-aaral. Ayon kay Zafra (2016), marami pang ibang salik gaya ng polisiya, konteksto ng komunidad, at maging ang sariling dedikasyon at hilig ng mga mag-aaral ang nakaaapekto sa kanilang pag-aaral ng wika. Ibig sabihin, hindi puwedeng ihulma ang perspektibo natin sa kakayahan ng mag-aaral batay lamang sa kanilang pinagmulang paaralan.

Sa huli, bagamat may pagkakaiba sa proseso ng komunikasyon, masasabing nangangailangan pa rin ng pagpapaigi ang kahusayan sa Filipino ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang uri ng pinagmulan. Ito ay upang hindi lamang sila mahasa sa kanilang kaalaman at kasanayan sa wika, kundi upang magkaroon din sila ng positibong pananaw at saloobin tungkol sa pambansang wika bilang paraan ng pagkatuto at pagpapahayag ng sarili.

**Layunin 4**

**Pahambing na pagsusuri sa Antas ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Komunikasyon sa Filipino Ayon sa mga sumusunod na mga Ereya, Pag-unawa sa wika, Proseso ng komunikasyon, Tungkuling Pangwika, at Paggamit ng wastong salita kung pangkatin at ihambing ayon sa mga baryabol, Edad, Kabuuang kita ng Pamilya, at Paaralang pinagmulan ng sekondarya**

Table 7. *Pagkakaiba sa kahusayan sa Komunikasyon sa Filipino sa Ereya Pag-unawa sa wika kung pangkatin at ihambing ayon sa mga nabanggit na baryabol*

| **Baryabol** | **Kategorya** | **N** | **Mean** | **t-test** | **p-value** | ***Sig. level*** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Edad** | Mas Bata | 115 | 3.38 | 0.736 | 0.825 | 0.05 | Walang kabuluhan |
| | Mas Matanda | 98 | 3.24 | | | | |
| **Kabuuang Kita** | Mababa | 165 | 3.39 | 1.368 | 0.200 | | Walang |

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
Volume 1, Issue no. 6 (2024)
ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)


| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **ng Pamilya** | Mataas | 48 | 3.08 | | | | kabuluhan |
| **Paaralang Pinagmulan ng Sekondarya** | Publiko | 92 | 3.4239 | 0.979 | 0.323 | | Walang Kabuluhan |
| | Pribado | 121 | 3.2397 | | | | |

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng pagkakaiba sa kahusayan ng mga mag-aaral sa larangan ng pag-unawa sa wika batay sa kanilang edad, kita ng pamilya, at pinagmulang paaralan noong hayskul. Gamit ang t-test, sinuri kung may makabuluhang diperensya ba sa pagitan ng dalawang pangkat para sa bawat baryabol.

Para sa edad, walang makabuluhan ang pagkakaiba sa pagitan ng mga mas bata mean=3.38 at mas matandang mag-aaral mean=3.24, na may p-value na 0.825 na mas mataas sa itinakdang alpha level na 0.05. Nangangahulugan itong pareho lamang ang antas ng pag-unawa sa wika ng dalawang grupo, anuman ang kanilang edad.

Samakatwid, ang null haypotesis na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Maritime sa pag-unawa sa wika kapag sila ay pinangkat at pinaghambing ayon sa mga nabanggit na mga baryabol ay tanggap.

Ipinapahayag sa atin na walang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayan ng mga tagatugon kapag sila ay pinangkat ayon sa, Edad, kabuuang kita ng mga magulang at Paaralang pinagmulan ng sekondarya. Sa madaling sabi, ang mga nabanggit na baryabol ay hindi nakakaapekto sa kahusayan sa komunikasyon sa pag-unawa sa wika . Ipinapahiwatig mataas man ang kabuuang kita ng pamilya, o mababa, kahit ano pa ang edad, at pinagmulang sekondarya ay halos magkakapareho lamang ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Maritime.

Ito ay sumasalungat sa pag-aaral ni Rodrigo (2018) na nagsasabing mas mahusay ang nakatatandang mag-aaral sa pag-unawa sa mga tekstong Filipino dahil na rin sa kanilang mas malawak na karanasan at talasalitaan kumpara sa mga nakababata.

Pagdating sa kita ng pamilya, hindi rin makabuluhan ang pagkakaiba sa pagitan ng mga mag-aaral mula sa mas mababa mean=3.39 at mas mataas na kita mean=3.08, na may p-value na 0.200. Ibig sabihin, hindi nakakaapekto ang kalagayan sa buhay sa kakayahan ng isang mag-aaral na unawain ang wikang Filipino. Sumasang-ayon ito kay Diaz (2015) na nagsabing hindi hadlang ang kahirapan sa pag-aaral, at maraming mahihirap na pamilya ang naglalaan ng panahon at rekurso para masigurong natututo ang kanilang mga anak.

Talahanayan 8. *Pagkakaiba sa kahusayan sa Komunikasyon sa Filipino sa Ereya Proseso ng komunikasyon kung pangkatin at ihambing ayon sa mga nabanggit na baryabol*

| **Baryabol** | **Kategorya** | **N** | **Mean** | **t-test** | **p-value** | ***Sig. level*** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Edad** | Mas Brta | 115 | 3.39 | 0.014 | 0.152 | 0.05 | Walang Kabuluhan |
| | Mas Matanda | 98 | 3.39 | | | | |
| **Kabuuang Kita ng Pamilya** | Mababa | 165 | 3.52 | 0.214 | 1.890 | | Walang Kabuluhan |
| | Mataas | 48 | 2.94 | | | | |
| **Paaralang Pinagmulan ng Sekondarya** | Publiko | 92 | 3.1304 | -1.786 | 0.035 | | Walang Kabuluhan |
| | Pribado | 121 | 3.5868 | | | | |

Ang talahanayan 8 ay tumutukoy naman sa pagkakaiba ng kahusayan ng mga mag-aaral sa larangan ng proseso ng komunikasyon batay sa kanilang edad, kita ng pamilya, at pinagmulang paaralan. Muli, ginamit ang t-test upang alamin kung may makabuluhang diperensya ang bawat pangkat sa iba't ibang salik na ito.

Sa aspeto ng edad, walang naitalang pagkakaiba sa kakayahan sa proseso ng komunikasyon ng mga mas bata mean=3.39 at mas matandang mag-aaral mean=3.39, na may p-value na 0.152 na mas mataas sa 0.05 na antas ng kabuluhan. Samantala, hindi rin nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba ang proseso ng komunikasyon

ng mga nanggaling sa pamilyang may mas mababa mean=3.52 at mas mataas na kita mean=2.94, na may p-value na 1.890 sa 0.05 antas. Bagaman mas mataas nang kaunti ang mean ng grupo ng may mababang kita, ipinapahiwatig ng resulta na hindi ito sapat upang maging batayan ng kakayahan ng mga mag-aaral sa kahusayan sa komunikasyon.

Samakatwid, ang null haypotesis na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayan ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Maritime sa proseso ng komunikasyon kapag sila ay pinangkat at pinaghambing ayon sa mga nabanggit na mga baryabol ay tanggap

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa erya ng proseso ng komunikasyon ay walang pagkakaiba kung sila ay paghambingin sa mga baryabol tulad ng edad, kabuuang kita ng pamilya at paaralan na pinagmulan ng sekondarya. Dito ay pina kita na ang proseso ng komunikasyon tulad ng encoding, decoding, tsanel at mga hadlang sa komunikasyon ay parehong mababa.

Sumasalungat ito sa natuklasan ng pag-aaral nina Camello at Francisco (2017) na nagsasabing mas mahusay ang nakatatandang mag-aaral pagdating sa pakikipag-usap at pagpapahayag ng ideya dahil sa kanilang higit na karanasan at kumpiyansa sa paggamit ng wika. Ito ay kaiba sa nakitang correlation ni Abueg (2016) sa pagitan ng kita ng pamilya at kasanayan sa komunikasyong pasalita at pasulat. Gayunpaman, mahalaga ring tandaan na hindi perpekto o kumpleto ang datos na ito. Katulad ng puna nina Liwanag at Mirana (2018), maraming salik pa ang maaaring makaimpluwensya sa communicative competence ng isang indibidwal, kabilang na ang personal na katangian, impluwensya ng pamilya, at komunidad na kinabibilangan. Hindi rin masasabing dahil lamang sa pagkakaiba ng paaralan ay mas mahusay na sa komunikasyon ang isang mag-aaral kaysa sa iba.

Table 9. *Pagkakaiba sa kahusayan sa Komunikasyon sa Filipino sa Ereya Tungkuling Pangwika kung pangkatin at ihambing ayon sa mga nabanggit na baryabol*

| **Baryabol** | **Kategorya** | **N** | **Mean** | **t-test** | **p-value** | ***Sig. level*** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Edad** | Mas Brta | 115 | 3.01 | -0.453 | 0.219 | 0.05 | Walang Makabuluhan |
| | Mas Matanda | 98 | 3.11 | | | | |
| **Kabuuang Kita ng Pamilya** | Mababa | 165 | 3.07 | 0.793 | 0.168 | | Walang Makabuluhan |
| | Mataas | 48 | 3.02 | | | | |
| **Paaralang Pinagmulan ng Sekondarya** | Publiko | 92 | 3.0543 | -0.015 | 0.251 | | Walang Makabuluhan |
| | Pribado | 121 | 3.0579 | | | | |

Ipinakikita sa Talahanayan 9 ang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa tungkuling pangwika ng mga mag-aaral batay sa kanilang edad, kita ng pamilya, at pinagmulang paaralan. Muli, ginamit ang t-test upang matukoy kung may istatistikal na pagkakaiba ang pagitan ng mga kategorya sa bawat salik.

Pagdating sa edad, hindi makabuluhan ang pagkakaiba sa pagitan ng mga mas bata mean=3.01 at mas matandang mag-aaral mean=3.11 pagdating sa tungkuling pangwika, na may p-value na 0.219 na mas mataas sa 0.05 antas. Ibig sabihin, hindi nakakaapekto ang edad sa kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan at magamit ang iba't ibang gamit at tungkulin ng wikang Filipino. Sa aspeto naman ng kita, muling walang makabuluhang pagkakaiba ang naitalang kakayahan sa tungkuling pangwika ng grupo ng may mababang kita mean=3.07 at may mataas na kita mean=3.02, na may p-value na 0.168. Nangangahulugan itong hindi hadlang ang kalagayan sa buhay upang matutuhan at magamit ang Filipino sa iba't ibang konteksto at layunin. Maging ang uri ng pinagmulang paaralan ay hindi rin naging batayan ng pagkakaiba, kung saan halos magkapareho ang mean ng mga galing sa mga pampubliko mean=3.05 at pribadong eskwelahan mean=3.06 pagdating sa tungkuling pangwika. May p-value itong 0.251 na hindi makabuluhan sa 0.05 antas. Gayunpaman, mapapansin na ang pangkalahatang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa bahaging ito ay nananatiling nasa "mababang kasanayan" mean=3.

Samakatwid, ang null haypotesis na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayan ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Maritime sa tungkuling pangwika kapag sila ay pinangkat at pinaghambing ayon sa mga nabanggit na mga baryabol ay tanggap.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
**Volume 1, Issue no. 6 (2024)**
*ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)*



Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa erya ng tungkuling pangwika ay walang pagkakaiba kung sila ay paghambingin sa mga baryabol tulad ng edad, kabuuang kita ng pamilya at paaralan na pinagmulan ng sekondarya. Dito ay pina kita na ang tungkuling pangwika tulad ng regulatori, interaktib, personal, impormatibo, heuristiko at imahinatibo ay parehong mababa.

Sumasangayon ito sa pag-aaral ni Orillos (2015), ang mababang kakayahan sa pagtukoy at paggamit ng iba't ibang tungkulin ng wika ay maaaring magdulot ng kahirapan hindi lang sa pag-aaral, kundi pati na rin sa mas malawak na pakikisalamuha at pakikilahok sa komunidad.Samakatuwid, bagamat walang makabuluhang pagkakaiba batay sa demograpiya, mahalaga pa ring patuloy na pagtibayin ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral pagdating sa tungkuling pangwika. Sa pamamagitan ng mga makabuluhan at kontekstwalisadong aralin at gawain, maaari silang mahubog bilang mahuhusay at mapanuring tagapagsalita at tagapakinig ng wikang Filipino sa anumang sitwasyon o larangan.

Talahanayan 10. *Pagkakaiba sa kahusayan sa Komunikasyon sa Filipino sa Ereya Paggamit ng wastong salita kung pangkatin at ihambing ayon sa mga nabanggit na baryabol*

| **Baryabol** | **Kategorya** | **N** | **Mean** | **t-test** | **p-value** | ***Sig. level*** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Edad** | Mas Bata | 115 | 5.04 | -0.047 | 0.066 | 0.05 | Walang Makabuluhan |
| | Mas Matanda | 98 | 5.06 | | | | |
| **Kabuuang Kita ng Pamilya** | Mababa | 165 | 5.02 | 0.256 | -0.269 | | Walang Makabuluhan |
| | Mataas | 48 | 5.15 | | | | |
| **Paaralang Pinagmulan ng Sekondarya** | Publiko | 92 | 5.2826 | 1.071 | 0.933 | | Walang Makabuluhan |
| | Pribado | 121 | 4.876 | | | | |

Sa Talahanayan 10, makikita ang pagkakaiba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salita sa Filipino batay sa kanilang edad, kita ng pamilya, at uri ng pinagmulan noong hayskul. Muli, ginamit ang t-test upang alamin kung may makabuluhang pagkakaiba ba sa pagitan ng mga pangkat sa bawat salik na ito.

Sa aspeto ng edad, halos magkapantay ang antas ng kahusayan sa tamang paggamit ng salita ng mga mas bata mean=5.04 at mas matandang mag-aaral mean=5.06, na may p-value na 0.066 na hindi sapat upang maging makabuluhan sa 0.05 antas. Pagdating naman sa salik ng kita, muling walang naitalang makabuluhang diperensya sa pagitan ng mga mag-aaral mula sa pamilyang may mas mababa mean=5.02 at mas mataas na kinikita mean=5.15, batay sa p-value na -0.269. Gayundin, walang makabuluhang pagkakaiba ang kahusayan sa tamang paggamit ng mga salita sa pagitan ng mga nagmula sa pampubliko mean=5.28 at pribadong paaralan mean=4.88, na may p-value na 0.933.

Samakatwid, ang null haypotesis na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayan ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Maritime sa Paggamit ng Wastong Salita kapag sila ay pinangkat at pinaghambing ayon sa mga nabanggit na mga baryabol ay tanggap.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa erya ng paggamit ng wastong salita ay walang pagkakaiba kung sila ay paghambingin sa mga baryabol tulad ng edad, kabuuang kita ng pamilya at paaralan na pinagmulan ng sekondarya. Dito ay pina kita na ang paggamit ng wastong salita ay parehong mababa.

Sinuportahan ito sa natuklasan nina Gerodiaz at Mendoza (2018) na ang sosyo-ekonomikong estado ay walang direktang kaugnayan sa kahusayan ng isang indibidwal sa wastong gamit ng mga salita at ekspresyong Filipino.

Nangangahulugan itong hindi batayan ang kalidad o uri ng paaralan sa antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral pagdating sa tamang paggamit ng mga salita sa Filipino.

Ayon kay Santiago (2019), ang hindi gaanong mataas na kakayahan sa wastong paggamit ng mga salita ay maaaring humantong sa hindi gaanong malalim na pag-unawa at pagpapahayag gamit ang wikang Filipino.

Kung kaya't mahalagang patuloy na linangin ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga salita sa Filipino. Sa pamamagitan ng direktang pagtuturo ng mga batayang tuntunin sa leksikon at gramatika, gayundin sa pagbibigay ng maraming pagkakataon upang magamit ang mga ito sa tunay na konteksto, maaaring mas mahasa pa ang kanilang kahusayan sa bahaging ito, at sa wikang Filipino sa pangkalahatan.

**Rekomendasyon**

Napakababa ng antas ng kahusayan sa komunikasyon sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikatlong taon ng BSMT sa isang pribadong maritime school sa Bacolod. Nangangailangan sila ng mas maraming pagsasanay at pagpapaunlad sa lahat ng aspeto - pag-unawa sa wika, proseso ng komunikasyon, tungkuling pangwika, at paggamit ng wastong salita. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng ilang demograpikong salik tulad ng edad, kita ng pamilya, at pinagmulang paaralan sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon sa Filipino. Ang mga mag-aaral na mas bata, mula sa pamilyang may mas mababang kita, at nagmula sa pampublikong paaralan ay may kamalayang antas kumpara sa kanilang mga kaklaseng mas matanda, may mas mataas na kita, at nagmula sa pribadong paaralan. Ang mga natuklasang ito ay nagpapahiwatig na hindi sapat ang kasalukuyang programa at pagtuturo ng asignaturang Filipino upang matiyak ang kahusayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon gamit ang wikang ito. Kailangang suriin ang iba't ibang aspeto ng edukasyon sa Filipino - mula sa nilalaman at estruktura ng asignatura, mga pamamaraan ng pagtuturo at kagamitang panturo, hanggang sa konteksto at papel nito sa lipunan at akademya. Mahalagang gumawa ng mga hakbang upang tugunan ang kakulangan sa kahusayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon sa Filipino. Maaaring kabilang dito ang pagbuo ng mas epektibong kurikulum, paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo, pagbibigay ng dagdag na pagsasanay, at pagpapalaganap sa kahalagahan ng wikang Filipino sa iba't ibang larangan. Sa ganitong paraan, mabibigyan ng sapat na kaalaman at kasanayan ang mga mag-aaral upang maging mahusay na komunikador gamit ang pambansang wika.

**Pasasalamat**

Ikinalulugod ng mananaliksik na pasalamatan ang mga taong walang humpay na sumuporta at tumulong na mapagtagumpayan ang gawaing ito. Ang kanilang kontribusyon ang nag-udyok at nagbigay ng inspirasyon sa mananaliksik na magpursige at matapos ang pananaliksik na ito. Dr. Ma. Leni C. Francisco, ang tagapayo ng mananaliksik, para sa kaniyang walang tulad na tulong at gabay. Gayun na rin sa kaniyang mahusay na payo mula sa pagsisimula ng pananaliksik, hanggang sa matapos ito; Dr. Rammy A. Lastierre, Dr. Ophelia M. Duayan, at Dr. Agnes Algara, ang lupon ng mga eksperto na sumuri at nagbigay ng kanilag mga hinuha, at mungkahi para mas mapaunlad at mapagtibay ang nilalaman ng pananaliksik; G. Anthony Pineda MAED, G. John Nelbert Dela Cruz MAED at Gng. Rowena Sergio MAED , lupon ng mga ekspertong sumuri ng instrumento na ginamit sa pananaliskik, para sa pagbibigay ng mga komento at mungkahi upang mas mapaunlad ang instrumento sa pagkalap ng datos; 2/M Gilbert V. Juesna, MSME, dekana ng kolehiyo ng paaralang kolehiyo ng Maritime para sa pahintulot na maisagawa nag pag-aaral sa inyong respetadong kolehiyo. Mga kaibigan, at kapwa guro sa Senior High School Department, para sa inyong walang sawang supporta at motibasyon, at sa mga dasal na naging malaking tulong upang mairaos ang pananaliksik na ito. Pinakamamahal na Pamilya, para sa mahabang pasensya, pag-intindi, suporta at sa pagmamahal na ipinaramdam sa mananaliksik sa panahon ng pagsasagawa ng pananaliksik na ito. At higit sa lahat, ang Poong Maykapal, na tanging pinagmulan ng lakas ng loob at mga biyaya na malampasan ang mga hamong kinakaharap sa pagsasagawa ng pananaliksik nito. Iniaalay ng mananaliksik ang lahat ng tagumpay sa Iyo.

**Bibliograpiya**

Bernales, R. (n.d.). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.

Brown, R. (2021). Strategic stories: How 3M is Rewriting Business Planning. Harvard Business Review.

Constantino, R. (2015). Intelektuwalismo at Wika. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (1).

Daza, J. (2021, December 9). Kaantasan ng Pagkatuto ng mga Mag-Aaral sa Asignaturang Filipino Tugon sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/356893311_Kaantasan_ng_Pagkatuto_ng_mga_Mag-aaral_sa_Asignaturang_Filipino_Tugon_sa_Makabagong_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikan_sa_Panahon_ng_Pandemya

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
**Volume 1, Issue no. 6 (2024)**
*ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)*



Halliday, M. A. (2019). Linguistic Function and Literary Style: An Inquiry into The Language of William Golding's The Inheritors. In Essays in Modern Stylistics (pp. 325-360). Routledge.

Jean, S., Cho, K., Memisevic, R., & Bengio, Y. (2014). On Using Very Large Target Vocabulary for Neural Machine Translation. arXiv preprint arXiv:1412.2007.

Kuperberg, G. R., & Jaeger, T. F. (2016). What Do We Mean by Prediction In Language Comprehension? Language, Cognition and Neuroscience, 31(1), 32-59.

Saniel, A. F. (2022). Komunikasyon sa Akademikong Filipino. ourSOUL Teaching-Learning Resources.

Trinidad, A. D. (2023). May Puwang ka pa ba? Paggalugad sa Saloobin Hinggil sa Paggamit ng Filipino sa mga Piling Asignatura ng GEC (General Education Curriculum).

**Bio Propayl:**

**Roberos D. Andales,** ay kasalukuyang kumukuha ng kanyang pagkadalubhasa sa Filipino sa STI West Negros University, kasalukuyang nagtuturo sa mataas na paaralan ng VMA Global College Inc. Bilang isang tagapagturo, nagtuturo siya ng may layuning komunikasyon sa loob ng mga programang pre-baccalaureate at technical vocation and livelihood, na nagpapatibay ng mga kasanayan sa wika na mahalaga para sa epektibong komunikasyon sa Filipino at pananaliksik.

**Ma. Leni C. Francisco**, Doctor of Philosophy major in Educational Management, Master of Arts in Education, major in Administration and Supervision, Master of Arts in Education, major in Filipino, Bachelor of Elementary Education, presently a Faculty member and Program Head of the BEED -General Education, BSED -Filipino Programs of the College of Education.